# Mga Kinakailangan ng Pagtawag ng Diyos Yugto 40
# Ang Limang Pangkat ng Paglilingkod

"11At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: 13Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo: 14Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian; 15Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo; 16Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig." (Epeso 4:11-16)

Ang kaloob ni Jesus sa Kanyang simbahan nang siya'y umakyat, siya'y nagbigay ng ilang, mga apostol; at ilang, mga propeta, at ilang, mga ebangelista, at ilang mga pastor at mga guro; Ito ang limang espirituwal na mga kaloob na may malaking epekto sa buhay ng simbahan. Ang sumusunod ay maikling pagsasalarawan para sa bawat isa sa kanila:

A. Mga Apostol: Ay ang mga Apostol ni Jesus na nagtayo ng pundasyon sa Bagong Tipan ng simbahan. Ang naunang mga disipolo na nagpatuloy ng paglilingkod, ay hindi mga apostol subalit ginawa at pinagpatuloy ang gawain ng mga apostol.
B. Mga Propeta: Na nagpahayag ng buong kalooban ng Diyos at kung ano ang mangyayari sa mga sumusunod at sa mga hindi sumusunod .
C. Mga Ebangvelista: Na nagdadala ng mensahe ng kaligtasan sa mga hindi pa nakakarinig ng mensahe tungkol kay Jesus at hinihikayat silang magsisi at tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, at ang Kanyang ginawa sa krus bilang isang tanging paraan upang maligtas.
D. Mga Pastor: Na namumuno sa tupa, nagpapakain sa kawan kasama ng Salita ng Diyos at gawin silang dumaan sa luntiang pastulan at gabayan sila sa kanilang buhay at protektahan sila at ilayo sila mula sa mga panganib.
E. Mga Guro: Na tiyak na nagbibigay ng mensahe ng kahulugan at pagsasagawa ng Salita ng Diyos na nasa Banal na Bibliya.

Ngayon kailangan nating kunin ang limang mga kaloob na ito at gawing karapat dapat ang mga ito at naangkop sa buhay ng simbahan. Ang simbahan ay binubuo ng mga kasapi na nakikipaguganayan sa isa't isa. At ang pinakamaliit na posibleng bahagi sa simbahan na nakikipagugnayan sa isa't isa ay ang pamilya. At mula sa puntong ito ng pananaw ng pamilya ay mayroon limang espirituwal na mga kaloob na ito at ipinapatupad sa buhay ng kanilang pamilya.

A. Mga Apostol: Ang pamilya, sa pansarili ang mga magulang sa tulong ng simbahan na sila ay bahagi ng pagpapatupad ng pundasyon ng mga apostol sa kanilang pamilya
B. Mga Propeta: Ang mga magulang ang gaganap bilang mga propeta upang ipahayag sa mga anak ang buong kalooban ng Diyos. Sa kanilang masunuring mga anak sila'y magpapahayag sa kanila ng kasaganaan at mabuting hinaharap, ngunit sa kanilang masuwaying mga anak sila'y magpapahayag ng kabiguan at pagkasira maliban kung sila'y magsisisi.
C. Mga Mangangaral ng Evangelio: Ang mga magulang ang gaganap bilang evangelista upang ipahayag ang mensahe ng kaligtasan sa kanilang mga anak na hindi pa nakarinig ng mensahe tungkol kay Jesus at hinihikayat sila na magsisi at tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas at ang Kanyang ginawa sa krus bilang isang tanging paraan para sa kanila upang maligtas.
D. Mga Pastor: Ang mga magulang ang mamumuno sa kanilang mga anak sa luntiang pastulan, pagpapakain sa kanila sa araw araw ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng araw araw na pagbabasa ng Bibliya sa loob ng pamilya,

at gawin silang daanan ang lutian pastulan sa paggabay sa kanila sa kanilang buhay at protektahan sila at ilayo sila mula sa mga kapahamakan.
E. Mga Guro: Ang mga magulang ang tutulong sa simbahan, dapat tiyak na magbibigay ng kahulugan at ng pagsasagawa sa kanilang mga anak ng Salita ng Diyos na nasa Banal na Bibliya. Dapat silang maging mahigpit sa kanilang mga anak at disiplinahin sila upang ang Salita ng Diyos ay ganap na maisagawa sa kanilang buhay.

Ang pamilya ay ang lugar na ang espirituwal na mga kaloob ay maisasagawa upang magpalaki ng MakaDiyos na saling lahi at gawing bagong mga alagad ang mga bata, upang maging sa hinagarao ay alagad ng Diyos. Ang mga magulang at mga lolo't lola, mga tiyuhin at tiyahin ay gumawang magkakasama para sa iisang misyon at sa isang direksyon upang palakihin ang MakaDiyos na mga anak, at ang simbahan ay dapat magpatuloy na makaapekto sa bawat isang pamilya at paalalahanan silang sa pagtawag na inilagay ng Diyos sa kanilang buhay upang palakihin ang makaDiyos na saling lahi. Ang mabungang karanasan ng bawat kasapi ng pamilya ng Diyos ay dapat gawin ang layuning iyon. Ang mga bata at kabataanng maglilongkod ay nasa loob ng pamilya at sa ilalim ng mga magulang.

Mula sa aklat ng Ruth ating titingnan sa ilang pagsasagawa ng mensahe upang gawin itong madali para sayo para unawain, lununin at isagawa.

Ang pamilya ni Elimelech kasama ng kanyang asawang si Noemi ay umalis sa Bethlehem kasama ng kanyang dalawang mga anak at pumunta sa Moab dahil sa taggutom sa lupain ng Betlehem. Ngunit alam natin na ito ay kanyang sariling desisyon at hindi sa Diyos. Gayunpaman, si Elimelech ay namatay, at naroon ang kanyang dalawang anak ay nag asawa sa dalawang babaeng Moabita, si Mahlon kay Ruth at si Chilion kay Orpah. Pagkatapos ng sampung taon sa Moab si Mahlon at Chilion ay namatay nang walang anak. Si Naomi ay naiwan kasama ng kanyang dalawang manugang na si Orpah at si Ruth, gaya ng ating mababasa sa Ruth 1: 1-5. "1At nangyari nang mga kaarawan nang humatol ang mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaking taga Bethlehem-juda ay yumaong nakipamayan sa lupain ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang dalawang anak na lalake. 2At ang pangalan ng lalake ay Elimelech, at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Noemi, at ang pangalan ng kaniyang dalawang anak ay Mahalon at Chelion, mga Ephrateo na taga Bethlehem-juda. At sila'y naparoon sa lupain ng Moab, at nanirahan doon. 3At si Elimelech na asawa ni Noemi ay namatay: at siya'y naiwan at ang kaniyang dalawang anak. 4At sila'y nagsipagasawa sa mga babae sa Moab; ang pangalan ng isa'y Orpha, at ang pangalan ng isa'y Ruth: at sila'y tumahan doon na may sangpung taon. 5At namatay kapuwa si Mahalon at si Chelion; at ang babae ay naiwan ng kaniyang dalawang anak at ng kaniyang asawa." (Ruth 1:1-5)

Si Noemi ay nagdesisyong pumunta sa Betlehem pagkatapos niyang marinig na ang Diyos ay dumating upang bigyan ng tinapay ang Kanyang bayan. "6 Nang magkagayo'y bumangon siya na kasama ng kaniyang dalawang manugang upang siya'y bumalik mula sa lupain ng Moab: sapagka't kaniyang nabalitaan sa lupain ng Moab kung paanong dinalaw ng Panginoon ang kaniyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng tinapay. 7At siya'y umalis sa dakong kaniyang kinaroroonan, at ang kaniyang dalawang manugang na kasama niya: at sila'y yumaon upang bumalik sa lupain ng Juda." (Ruth 1:6-7) Sa daan patungo sa Bethlehem si Noemi ay nagpahayag ng Kanyang pangaral kay Oprah at Ruth, at sa kanyang pangaral siya'y nagpahayag sa kanila ng sumusunod:

"8bAt sinabi ni Noemi sa kaniyang dalawang manugang, Kayo'y yumaon, na bumalik ang bawa't isa sa inyo sa bahay ng kaniyang ina: gawan nawa kayo ng magaling ng Panginoon, na gaya ng inyong ginawa sa mga namatay at sa akin. 9Ipagkaloob nawa ng Panginoon na kayo'y makasumpong ng kapahingahan, bawa't isa sa inyo sa bahay ng kaniyang asawa. Nang magkagayo'y kaniyang hinagkan sila; at inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak. 10At sinabi nila sa kaniya, Hindi, kundi kami ay babalik na kasama mo sa iyong bayan. 11At sinabi ni Noemi, Kayo'y magsibalik, mga anak ko: bakit kayo'y yayaong kasama ko? may mga anak pa ba ako sa aking tiyan, na magiging inyong mga asawa? 12Kayo'y magsibalik, mga anak ko, magpatuloy kayo ng inyong lakad; sapagka't ako'y totoong matanda na upang magkaroon pa ng asawa. Kung aking sabihin, Ako'y may pagasa, kung ako'y magkaasawa man ngayong gabi, at ako'y magkakaanak man; 13Maghihintay kaya kayo hanggang sa sila'y lumaki? magbabawa kaya kayo na magkaasawa? huwag, mga anak ko: sapagka't daramdamin kong mainam dahil sa inyo, sapagka't ang kamay ng Panginoon ay nanaw laban sa akin.14At inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak uli; at hinagkan ni Orpha ang kaniyang biyanan; nguni't si Ruth ay yumakap sa kaniya.15At sinabi niya,

Narito, ang iyong hipag ay bumalik na sa kaniyang bayan, at sa kaniyang dios; bumalik kang sumunod sa iyong hipag. 16At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios: 17Kung saan ka mamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin. 18At nang makita ni Noemi na mapilit ng pagsama sa kaniya, ay tumigil ng pagsasalita sa kaniya." (Ruth 1:8-18)

Si Noemi ay naranansan na ang kinahinatnan ng pagsuway at natutunan ang kanyang aral ng masamang mga epekto ng paglayo mula sa Diyos, at ang kinahantungan ng paggawa ng kanyang sariling kalooban. Sa kanyang sermon, ipinahayag niya ng matalino, at sinabi niya na walang siyang maiaalok sa kanyang dalawang manugang. Ang kanyang layunin doon ay upang salain ang kanilang maling motibo sa pagsunod sa kanya, na hindi sila dapat sumama sa kanya na makakuha ng isang bagay. Itinutulak niya silang lumayo sa kanya upang makita kung sino sa kanila ay sa Diyos. Ang kagaya ng ginawa ni Jesus sa Kanyang mga disipolo upang malaman sino ang kabilang sa Kanya, nang Kanyang tinanong sila kung nais din nilang umalis mula nang sa karamihan ng Kanyang mga alagad ay iniwan Siya at nakita ito'y napakahirap na sumunod sa Kanya. Ating basahin sa Juan 6:66-69: "66Dahil dito'y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya. 67Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong magsialis din naman? 68Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan. 69At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Dios." (Juan 6:66-69) Si Pedro dito ay nagsalita patungkol sa kanyang sarili at sa lahat ng mga apostol tiniyak ang kanilang pangako kay Cristo. Ngunit si Cristo ay ipinahayag din sa kanila na may isang diablo sa kanila, gaya ng ating mababasa rito: " 70Sinagot sila ni Jesus, Hindi baga hinirang ko kayong labingdalawa, at ang isa sa inyo ay diablo? 71Tinukoy nga niya si Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagka't siya ang sa kaniya'y magkakanulo, palibhasa'y isa sa labingdalawa." (Juan 6:70-71)

Si Neomi pagkatapos ng kanyang sermon, si Ruth ay nanatiling kasama niya at iginiit na hindi siya iiwan maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa pagitan nila, 16At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios: 17Kung saan ka mamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin." (Ruth 1:16-17) Si Ruth ay hindi mananampalataya ngunit ang kautusan ng Diyos ay nasa kanyang puso, "14At inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak uli; at hinagkan ni Orpha ang kaniyang biyanan; nguni't si Ruth ay yumakap sa kaniya.15At sinabi niya, Narito, ang iyong hipag ay bumalik na sa kaniyang bayan, at sa kaniyang dios; bumalik kang sumunod sa iyong hipag. 16At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios:" (Ruth 2:14-16) Bilang karagdagan doon, sa pagpupulong na iyon pagkatapos ng pagpapahayag ni Naomi, si Ruth sa kanyang ipinahayag at sinabi kay Noemi, "ang iyong Diyos ay aking Diyos" (Ruth 1:16) si Ruth pagkatapos nang sermon na iyon tinaggap niya ang Diyos bilang Panginoon sa kanyanv buhay.

Ang kautusan ng Diyos na nasa puso ni Ruth ay pinilit siya na huwag iwanan ang kanyang biyenan na nasa "3 Papurihan mo ang mga babaing bao na tunay na bao. 4 Nguni't kung ang sinomang babaing bao ay may mga anak o mga apo, magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may kabanalan sa kanilang sariling sangbahayan, at magsiganti sa kanilang mga magulang: sapagka't ito'y nakalulugod sa paningin ng Dios." (1 Timoteo 5:3-4) Si Ruth ay alam niya sa pamamagitan ng Diyos na hindi niya maiiwanan ang kanyang biyenan sapagka't siya ay balo ay walang anak, kaya't kailangan niyang manatili sa tabi niya at kahit na magbigay para sa kanya, "Kung ang sinomang babaing nanampalataya ay may inaampong mga babaing bao, ay umabuloy sa kanila, at huwag pabigatan ang iglesia, upang maabuluyan nito ang mga tunay na bao." (1 Timoteo 5:16)

Ang ibig sabihin ng Ruth ay pakikipagkaibigan. Ang kaibigan ay kailangan ay kaibigang tunay. Katotohanan nang kanilang narating ang Betlehem si Ruth ay nakakita ng trabaho sa lupain ni Boaz upang magbigay sa kanya at sa kanyang biyenang babae, "22 At sinabi ni Noemi kay Ruth na kaniyang manugang, Mabuti, anak ko, na ikaw ay lumabas na kasama ng kaniyang mga alila, at huwag kang masumpungan sa ibang bukid. 23 Sa gayo'y nakipisang

maliksi na kasiping ng mga alila ni Booz, upang mamulot hanggang sa katapusan ng pagaani ng sebada at pagaani ng trigo; at siya'y tumahang kasama ng kaniyang biyanan." (Ruth 2:22-23)

Ang kahulugan ng pangalan ni Noemi ay kagalakan, pagpapala o biyaya at sa huliy natutunan niya kung paanong pasiyahin ang kanyang sarili sa Panginoon na nagbigay sa pagnanais ng kanyang puso. Nang si Noemi ay nagdesisyong bumalik sa Bethlehem ibinigay sa kanya ng Diyos si Ruth na mas mabuti kaya sa pitong mga anak na lalaki "15At siya'y magiging sa iyo ay isang tagapagsauli ng buhay, at tagapagkandili sa iyong katandaan: sapagka't ang inyong manugang na nagmamahal sa iyo, ay nagkaanak sa kaniya, at siya'y mahigit pa sa iyo kay sa pitong anak." (Ruth 4:15) Ang kahulugan ng Betlehem ay ang bahay ng tinapay, at kapag tayo'y nagdesisyong bumalik sa Diyos, at sa Kanyang simbahan at upang pasiyahin ang ating sarili sa Salita ng Diyos at sa Kanyang kalooban, ang Panginoong ang magbibigay sa atin ng ating ninanais ng ating puso, "Magpakaligaya ka naman sa Panginoon; at bibigyan ka niya ng nasa ng iyong puso." (Awit 37:4)

Si Noemi na nakatanggap ng pagaalaga mula kay Ruth, bilang kapalit, inalagaan niya ang kanyang manugang na siya rin ay isang balo, gayundin gaya ng pagsunod ni Noemi sa kautusan ng Diyos at sa kalooban ng Diyos upang ibalik ang angkan ng pamilya siya'y kumilos upang makakita ng isang tahanan at magtayo ng isang pamilya para kay Ruth: "1At sinabi sa kaniya ni Noemi na kaniyang biyanan, Anak ko, hindi ba kita ihahanap ng kapahingahan, na ikabubuti mo? 2At ngayo'y wala ba rito si Booz na ating kamaganak, na ang kaniyang mga alila ay siya mong kinasama? Narito, kaniyang pahahanginan ang sebada ngayong gabi sa giikan. 3Maligo ka nga, at magpahid ka ng langis, at magbihis ka at bumaba ka sa giikan: nguni't huwag kang pakilala sa lalake, hanggang siya'y makakain at makainom. 4At mangyayari, paghiga niya, na iyong tatandaan ang dakong kaniyang hihigaan, at ikaw ay papasok, at iyong alisan ng takip ang kaniyang mga paa, at mahiga ka; at sasabihin niya sa iyo kung ano ang iyong gagawin. 5At sinabi niya sa kaniya, Lahat ng iyong sinasabi sa akin ay aking gagawin.6At siya'y bumaba sa giikan, at ginawa niya ang ayon sa buong iniutos sa kaniya ng kaniyang biyanan. 7At nang si Booz ay makakain at makainom, at ang kaniyang puso'y maligayahan, siya'y yumaong nahiga sa dulo ng bunton ng trigo; at siya'y naparoong marahan, at inalisan ng takip ang kaniyang mga paa, at siya'y nahiga. 8At nangyari, sa hating gabi, na ang lalake ay natakot at pumihit: at, narito, isang babae ay nakahiga sa kaniyang paanan. 9At sinabi niya, Sino ka? At siya'y sumagot, Ako'y si Ruth, na iyong lingkod: iladlad mo nga ang iyong kumot sa iyong lingkod; sapagka't ikaw ay malapit na kamaganak." (Ruth 3:1-9) Sa pamamagitan ng pagtalima ng dalawang babae, si Noemi at si Ruth, pinabilis ng Panginoon ang pagpapanumbalik ng angkan ni Elimelec. Ang ibig sabihin ng Elimelech ay "Ang aking Diyos ay hari". Tunay na ang Diyos ay Hari sa buhay ng Kanyang bayan at alam Niya kung paano harapin sila kapag ginagawa nila ang kanilang pansarili. Ngunit pinanumbalik niya sila kapag sila'y nagsisi at bumalik sa Kanya

Sa proseso ng pagpapanumbalik, ang Panginoon ay gumamit ng ibang makaDiyos na tao. Ginamit Niya si Boaz ang may ari ng lupain na si Ruth ay nagtatrabaho. Ang kahulugan ng Boaz ay "mabilis", at ang ibang kahulugan niyon ay kabilisan, kadalian, o katulinan. Siya ay masipag na lalaki na sumusunod sa Diyos ng matatag. Ang naantalang pagsunod ay pagsuway.

Si Ruth ay matapat sa kanyang biyenang babae at masigasig na huwag iwanan si Noemi kundi alagaan siya. Kaya't ang Diyoa ay mabilis na ginantimpalaan siya. Kapag tayo'y tapat sa Diyos gagantimpalaan tayo. Ngunit kapag tayo ay matalinong takasan ang ating responsibilidad at huwag gawin ang ating bahagi , ang pagpapala ng Diyos ay malayo sa atin.

Si Boas nang lumapit si Ruth sa kanya sa bagay na iyon ipinangako niya sa kanya ang mabuti at nagpadala kay Noemi ng mga biyaya. Si Ruth ay pumunta sa kanyang byenan at iniulat sa kanya kung anong nangyari. Bilang kapalit nang kanyang narinig, ito ang sinabi ni Naomi, "18 Nang magkagayo'y sinabi niya, Maupo kang tahimik, anak ko, hanggang sa iyong maalaman kung paanong kararatnan ng bagay: sapagka't ang lalaking yaon ay hindi magpapahinga, hanggang sa kaniyang matapos ang bagay sa araw na ito." (Ruth 3:18) Ginawa ni Boaz ng eksakto ang nais ng Diyos sa kanya upang gawin; binili niya ang lupain at pinakasalan si Ruth, ang balo ni Mahlon.

Ang kahulugan ng Mahlon ay may sakit. Ang karamdaman ay darating sa atin kapag tayo'y lumayo mula sa Diyos. Ngunit kapag tayo'y nagsisi walang karamdaman ang makakahadlng sa plano ng Diyos. Ang kahulugan ng

Chillion ay "pananabik" o "paghahangad". Kapag tayo'y lumayo mula sa Diyos ang ating pananabik ay hindi matutupad hanggang tayo'y bumalik sa Kanya. Tunay na ibinigay ng Diyos ang pananabik ni  Noemi, si Ruth at Boaz, na magkaroon at nasa isang MakaDiyos na pamilya. "13Sa gayo'y kinuha ni Booz si Ruth, at siya'y naging kaniyang asawa; at siya'y sumiping sa kaniya, at pinapaglihi ng Panginoon, at siya'y nanganak ng isang lalake. 14At sinabi ng mga babae kay Noemi, Pagpalain ka nawa ng Panginoon na hindi ka binayaan sa araw na ito, na mawalan ng isang malapit na kamaganak; at maging bantog nawa ang kaniyang pangalan sa Israel. 15At siya'y magiging sa iyo ay isang tagapagsauli ng buhay, at tagapagkandili sa iyong katandaan: sapagka't ang inyong manugang na nagmamahal sa iyo, ay nagkaanak sa kaniya, at siya'y mahigit pa sa iyo kay sa pitong anak.16At kinuha ni Noemi ang bata, at inihilig sa kaniyang kandungan, at siya'y naging yaya. 17At nilagyan ng pangalan ng mga babaing kaniyang kapitbahay, na sinasabi, May isang lalake na ipinanganak kay Noemi; at tinawag nila ang pangalan niya na Obed; siya ang ama ni Isai, na ama ni David." (Ruth 4:13-17)

Si Obed ay dapat palakihin sa pagkatakot sa Diyos at maglingkod sa Panginoon. Ang kahulugan ng Obed ay "Paglilingkod" . Gaya ng ating sinimulang maglingkod sa Panginoon ang ating buhay ay manunumbalik sa original at sa dakilang plano na mayroon ang Diyos sa atin.

Sa gayon, ang lahat ng ating mga anak ay dapat maglingkod sa Panginoon at makibahagi sa plano ng Diyos na mayroon Siya para sa kanila.

Ngayon, sa pagbabalik sa limang espirituwal na mga kaloob na ating tinalakay kanina, sa mga may pananagutan upang ihanda at sanayin si Obed, "sa gawaing paglilingkod", (Epeso 4:12) ay si Boaz, Ruth, Naomi. Silang tatlo ay malaking karanasan at mabuting katangian na maiibahagi kay Obed at hubugin siya na maging lingkod ng Diyos.

1. Ang kanyang ina, si Ruth, ang maaring unang magsabi sa kanya tungkol sa Diyos, pageebanghelyo sa kanya ng Salita ng Diyos at mga utos.
2. Ang kanyang ama, si Boaz, ay ang pastor ng bata, pangungunahan siya, papakainin siya araw araw ng Salita ng Diyos, pagbibigay sa kanyang pangangailangan at paggabay sa kanya. Si Boaz din ay ang guro na matatag at mahigpit sa kanya upang ituwid siya at disiplinahin siya.
3. Ang kanyang lola, si Noemi, sa kanyang masakit na karanasan ng paglayo mula sa kalooban ng Diyos at sa pagdurusa na siya'y nalantad ay maaring maging propeta sa bata, pagsasabi sa kanya sa hinaharap na mayroong magandang plano ang Diyos para sa kanya at kailangan niyang sumunod sa Diyos sa gayo'y ang plano ng Diyos ay magkatotoo. Si Noemi ay maarig magsabi kay Obed at sabihin ang salita ng Diyos at babalaan siya para sa kanyang pakinabang kapag siya'y sumuway upang maibalik siya sa kalooban ng Diyos.
4. Ang kanyang simbahan, na ang kanyang pamilya ay bahagi na ibabalik sa kanila at tutulungan sila upang ilatag ang pundasyon ng mg apostol sa loob ng pamilya.

Sa aking mahal at minamahal: Lalo tayong magseryoso at magmalasakit para sa ating mga sarili at para sa ating pamilya at sa mga anak na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin upang palakihin sila ng may takot sa Panginoon, at upang maging Kanyang alagad sa hinaharap. Tayo'y magpakumbaba sa harapan ng Diyos at gamitin ang espirituwal na mga kaloob na ibinigay Niya sa atin para sa ating mga pamilya at sa ating mga anak sa mabuting paraan,  "13Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:" (Epeso 4:13) Dapat nating bantayan ang ating mga pamilya at mga anak upang protektahan sila mula sa mga kamay ng mga kaaway na sinusubukang hilahin sila palayo sa daan, "Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian; " (Epeso 4:14) Tayo, bilang Simbahan ng Diyos, ay dapat alagaan at tingnan ang bawat isang pamilya sa ating kapisanan, at masigurado na ang pundasyon ng mga apostol ay maisagawa sa bawat pamliya. "15 Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo; 16Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig." (Epeso 4:15-16) Sa gayon ipangako natin ang ating mga sarili sa mga tuntunin ng mensaheng ito habang tayo'y mananalangin.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sayong salita na ipinakita sa akin ng malinaw ng kung paano gamitin ang espirituwal na mga kaloob na ibinigay mo sa akin at sa iyong simbahan upang ilapat sa aking buhay at sa buhay ng aking pamilya.

Ating ipahayag , talikdan at magsisi sa ating mga kasalanan

Tayo'y bumalik sa Panginoon at maging handa na gawin ang Kanyang kalooban. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang ilapat ang mga tuntunin na ito na aking natutunan sa mensaheng ito sa aking ministerio upang maglingkod sayo sa isang mas mahusay at mas epektibong paraan. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang para sa akin, upang ako'y patuloy na maglingkod sayo.

Panginoon aking idinadalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na narinig ang mensahe na kanilang isasagawa sa kanilang buhay at sa buhay ng kani kanilang pamilya at mga anak. Panginoon aking idinadalangin na silay magparami pa ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, mahabang pagtitiis, kaamuhan, kabutihan, at pagtitiyaga, upang makita ng mga tao si Cristo sa kanilang buhay.

Panginoon pagpalain mo ang iyong simbahan, at gawin mong ang iyong simbahan ay lumago. Tulungan mo kami Panginoon at abutin ang nawawala at magtanin pa ng pagaaral ng Bibliya upang ituro ang iyong Salita at ang iyong mga utos. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.